
**Ang Pananampalataya ng Apat na Magkakaibigan**
**The Lord's Flock Worship Service Topic**
Ni: Fr. Alex Balatbat
Enero 31, 2026

Ang kwento ng apat na magkakaibigan na nagdala ng kaibigang paralitiko kay Hesus sa Mk. 2:1–12 ay nagpapakita na ang pananalig at kabanalan ay hindi pansarili lamang kundi misyong pang-komunidad, kung saan ang tunay na disipulo ay nagdadala ng mga tao kay Kristo, nagbabahagi ng mga biyaya ng Diyos.

**1. MISYON AT KABANALAN**



**1.1. Ang Misyon ay Pag-aani Hindi Pagtatanim.** Ang misyon ay hindi lamang pagtatanim ng binhi kundi tungkol sa pagdiriwang at pagbahagi ng ani. Sinabi ni Hesus na sagana ang aanihin, ngunit kakaunti ang mga manggagawa. Kung may maganda tayong naranasan – gaya ng masarap na pagkain – natural ibabahagi natin ito. Tulad din sa naranasan nating pag-ibig ng Diyos at Kanyang mga biyaya, dapat ibahagi natin ang mga ito. Kung ano ang tinanggap dapat ibahagi.

**1.2. Ang kabanalan ay tungkol sa pagkilos, hindi sa pagmasid lamang.**
Ang kabanalan ay hindi tungkol sa passive na pagmasid o pagsarili sa mga biyaya. Ang kabanalan ay misyon. Ang tunay na kabanalan ay kumikilos palabas – nagbabahagi, nag-aangat ng kapwa, nag-aakay ng mga nawawala sa Diyos. Ang kabanalan ay pakikipag-isa sa pamayanan hindi pagbubukod sa sarili.

**2. ANG KAHULUGAN NG MGA TAO SA KWENTO**

**2.1. Ang Apat na Magkakaibigan – Pananalig na may Kalakip na Gawa**
Nakaranas ng sagabal ang magkakaibigan. Sarado ang mga pinto at bintana, mahirap makapasok. Ngunit ang matindi nilang kagustuhan na madala ang paralitiko kay Hesus ang nagbigay sa kanila ng lakas upang butasin ang bubong sa tapat Niya at ibinaba ang kaibigan. Ang kanilang aksyon ay nagtuturo sa atin ng pagtitiyaga sa pananalig at ipinapa-alala na hindi tayo mapipigil ng mga sagabal para magdala ng kapwa kay Hesus. Kung tunay nating mahal ang ating kapwa, gagawin ang lahat para mapalapit sila sa Kanya.

**2.2. Ang May-ari ng Bahay – Maluwag na Puso**
Kadalasan, ang pagsira ng bubong ay maaaring magdulot ng away o legal aksyon. Ngunit ang kwentong ito ay nagpapaalala sa atin na kung talagang gusto natin silang ilapit kay Hesus – lalo na ang mga nangangailangan – maski ano ay gagawin. Ipinapakita na ang kusang paglilingkod ay pagbibigay ng oras, talento, at yaman para lamang mailapit natin sila kay Hesus.

**2.3. Mga Eskriba – Mga Sagabal sa Biyaya ng Diyos**
Ang eskriba, mga guro ng batas, ay sinita si Hesus noong sinabi Niya sa paralitiko, "Pinatatawad na ang iyong mga kasalanan." Sa halip na i-guide ang mga tao patungo sa Diyos, naging sagabal sila sa Kanyang mga biyaya.

**2.4. Si Hesus – Paghilom at Pagkabuo**
Ang banig ng paralitiko ay simbolo ng human paralysis – sugat sa emosyon, spiritwal na laban, takot, pag-aalala, at sakit. Bago niya nakaharap si Hesus, banig ang bumubuhat sa kanya; noong nakaharap na niya, ang lalaki na ang bumuhat sa banig. Ipinapakita nito ang malinaw na katotohanan: kung ang tao ay lalapit sa Diyos, magkakaroon ng pagbabago. Bago nakaharap si Hesus, hinahayaan natin ikontrol tayo ng problema; kung kalakbay na natin si Hesus, kayang-kaya nating dalhin ang mga problema.

**3. DAPAT IBAHAGI ANG MGA BIYAYA**

**3.1.** Nabubulok ang mga biyayang hindi ibinabahagi.
**3.2.** Nawawala ang mga biyayang hindi ibinabahagi; ngunit umaapaw kung ibinabahagi.
**3.3.** Pinagpapala tayo ng Diyos para tayo ay maging pagpapala sa kapwa.

**Konklusyon:**
Ang tunay na pananalig ay kumikilos, mapagbigay, at para sa lahat. Ang kabanalan ay hindi natatamo sa pagmamasid o pagsasarili sa mga biyaya, ngunit sa pamamagitan nang matapang na pagdala ng kapwa sa Diyos sa kabila ng mga sagabal. Sa tuwing ibinabahagi ang biyaya, ito'y dumadami; kung ang pananalig ay ipinapakita sa pamumuhay, ito'y nagiging misyon. Tayo'y pinagpala hindi para sa ating sarili lamang, ngunit para tayo'y maging biyaya sa kapwa.

**Pagninilay:**
Sino-sino ang mga tao sa buhay mo na gusto mong ilapit kay Kristo? Anong mga sagabal ang kailangan mong malampasan upang magawa ito?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-edit ni: Vera Tuplado
Tags: #Pananalig,#Kabanalan, #Blessings #Mission
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.youtube.com/watch?v=D1AitI3p0gE